

SI KIKOY AT ANG ALITAPTAP

Isang gabi, si Kikoy ay masayang naghuhugas ng pinggan sa kanilang banggera. Tinatanglawan siya ng isang lampara na nakasabit sa haligi. Napatingin siya sa isang lumilipad na insekto na tila nasusunog ang isang pakpak mula sa apoy ng lampara.

Hindi nagdalawang isip si Kikoy na kunin ang insekto. Inilagay niya ito sa kanyang palad at nagwika, "Kawawa ka naman. Nasaktan ka ba?"

Tila nakuha ni Kikoy ang kasagutan nang biglang nag-ilaw ang puwit ng insekto at ito ay tuluyan nang lumipad palayo.

Kinabukasan, ikinuwento ni Kikoy ang kanyang nakita sa kanyang mga kaibigan. Hindi sila naniwala na may insektong umiilaw ang puwitan.



Umuwi siya na mabigat ang loob dahil hindi siya pinaniwalaan.

Nang sumunod na gabi, naghugas na naman siya ng pinggan. Inantay niya na makita muli ang insektong may

ilaw sa puwitan. Natapos na niyang hugasan ang lahat ng pinggan, kaldero, palayok, baso, kutsara't tinidor. Pero hindi pa rin niya nakikita ang kanyang pinakahihintay na insekto.

Isang araw, namasyal silang magkakaibigan sa parang. Nanungkit sila ng sampalok at namato ng mangga. Walang sawa silang naghabulan sa parang.

Hindi nila namalayan na gabi na pala. Hindi na nila makita ang kanilang daan pauwi. Kinabahan at natakot sila dahil madilim na.

Nang bigla sa di kalayuan ay natanaw nila ang isang insekto na may ilaw sa puwitan. Pagkakita ni Kikoy dito ay napasigaw siya.

“Mga kaibigan, iyan yung ikinuwento ko sa inyo na insekto!”

Bago pa nakasagot ang mga kaibigan ni Kikoy ay nakalapit na ang insekto sa kanila. Mas lalo silang hindi makapaniwala nang bigla itong nagsalita.

“Mahal kong kaibigan, natanaw ko kayo mula sa puno na aking tinitirhan. Ano po ang maaari kong maipaglilingkod sa inyo? Mukha po kayong may problema.”
“Madilim na kasi. Hindi namin nakikita ang daan pauwi sa aming mga bahay,” umiiyak na bigkas ni Kikoy.

Walang sabi-sabi, umalis ang insekto.



Maya-maya namangha ang mga bata sa nakita nila. Maraming ilaw ang lumulutang sa alapaap, palapit sa kanila!

Lumapit ang pinakamalaki at may pinakamaliwanag na ilaw. Yun ang insekto na kanyang tinulungan.

“Kikoy, ginintuan ang iyong puso. Kaya tutulungan namin kayo. Tatanglawan namin kayo sa inyong pag-uwi.”

Nakauwi nang ligtas ang mga bata. Bago pumasok si Kikoy sa kanilang bahay, kinausap niya ang insekto.

“Mahal kong kaibigan, maaari ko bang malaman ang iyong pangalan? Ibig kitang pasalamatang nang maayos. Gusto rin kitang maging matalik na kaibigan.”

“Alitaptap, mahal kong kaibigan,” sagot ng insekto.

“Maraming salamat kaibigan kong Alitaptap sa pagtulong mo sa amin. Ako nama’y si Kikoy,” ang masayang pagpapakilala ni Kikoy.

“Walang anuman, kaibigang Kikoy. Hanggang sa muling pagkikita,” sagot ni Alitaptap.

